Abiso ng Pasyente sa Tulong Pampinansyal

Ipinagmamalaki ng Rady Children's Hospital and Health Center ang misyon nitong makapagbigay ng kalidad na pangangalaga sa lahat ng nangangailangan nito, anuman ang kakayahang magbayad.

Kung wala kang insurance pangkalusugan at nag-aalala na maaaring hindi mo mabayaran ang iyong singil para sa iyong pangangalaga, maaari kaming makatulong. Nagbibigay ang RCHSD ng tulong pampinansyal sa mga pasyente batay sa kanilang kita at pangangailangan. Sa pamamagitan ng aming mga serbisyo sa pagpapayo sa pananalapi, maaari ka naming matulungang makakuha ng saklaw ng insurance o murang insurance pangkalusugan, at makatrabaho ka upang ayusin ang isang mapangangasiwaang plano sa pagbabayad, o, kung natutugunan mo ang ilang mga kinakailangan sa kita, maaari kang maging kwalipikado na mag-aplay para sa aming Programang Tulong Pampinansyal.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Departamento ng Pagpapayo sa Pananalapi sa 858-966-4005.

Mga oras ng negosyo: Lunes-Biyernes, 7 am-11:30 pm, at Sabado at Linggo, 7 am-3:30 pm

Tatratuhin namin ang iyong mga katanungan nang may pagiging kompidensiyal at kagandahang-loob.

Maaari kang humiling ng kopya ng aming Programang Tulong Pampinansyal (Mga Patakaran sa Pagbabayad sa Diskwento at Mga Kawanggawang Pangangalaga) CPM 7-11 mula sa iyong Kinatawan ng Access sa Pasyente.

Ang Rady Children's Charge Description Master (CDM) ay isang komprehensibo at magkakatulad na iskedyul ng mga pagsingil na pinanatili ng ospital bilang kabuuang bayad na singil para sa isang naibigay na serbisyo o item na maaaring singilin sa isang pasyente, mga nagbabayad o iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Magagamit ang Rady Children's Charge Description Master para sa pagsusuri sa isang miyembro ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pananalapi ng Pasyente ng Ospital (PFS). Mangyaring tawagan ang aming Customer Service Center sa 858-966-4912 upang humiling ng isang appointment